



## Sa Yakap ng Gubat at Dagat: Ang Kuwento ng Pagkamulat ng Isang Sirenang Peryodistang Sumusulat Para sa Kalikasan at Kapaligiran

John Iremil Teodoro

*Associate Professor*

*Literature Department*

*john.iremil.teodoro@dlsu.edu.ph*

**Abstract:** Isang kritikal na introduksiyon ang papel na ito sa manuskritong libro na binubuo ng dalawampung sanaysay na pinamagatang *Sa Yakap ng Gubat at Dagat: Mga Sanaysay na Sinulat sa Palawan*. Mga sanaysay itong sinulat ng may-akda nang maboluntaryo siya sa NGO na Bandillo ng Palawan Foundation sa Lungsod Puerto Princesa sa Palawan at naging manunulat at editor sa *Bandillo ng Palawan – Edisyong Filipino* at *Bandillo ng Palawan Magazine*. Tatalakayin dito ang papel ng manunulat sa pangangalaga ng kalikasan—gaano ba ito kahalaga, paano gagawin, at talaga bang nakatutulong ito.

**Mga Susing Salita:** Palawan; ekokritisismo; pagsulat para sa kalikasan/kapaligiran; peryodismong pangkapaligiran

### 1. INTRODUCTION

Naging punong patnugot ako ng lingguhang pahayagang *Bandillo ng Palawan – Edisyong Filipino* mula noong Enero 1998 hanggang Mayo 2000. Diyaryo ito ng Bandillo ng Palawan Foundation, isang non-government at non-profit organization na itinatag at binubuo ng mga environmenlist na manunulat at alagad ng sining na nakabase sa Lungsod Puerto Princesa sa Palawan.

Adbokasiya ng Bandillo ng Palawan Foundation ang pangangalaga sa kalikasan at pakikipaglaban para sa karapatan ng mga katutubo, mga isyung magkarugtong ang bituka. Ang Palawan ay tinaguriang “last frontier” o huling hangganan (Eder and Fernandez) pagdating sa likas na kayamanan. Kayâ dapat itong mapangalagaan.

Ang papel na ito ay magsisilbing introduksiyon ko sa aking kalipunan ng mga sanaysay na aking sinulat sa Palawan nang mga taong nasa Bandillo ako. Pinamagatan ko itong *Sa Yakap ng Gubat at Dagat: Mga Sanaysay na Sinulat sa Palawan*. Bilang isang peryodista, halos nalibot ko ang buong Palawan. Nakapag-scuba diving ako sa Look Honda, nakaakyat sa Bundok Irawan, nakapamasyal sa Isla Pag-asa sa Spratlys, naabutan ng forest fire sa timog Palawan, nagkampanya para sa kapakanan ng mga dūgong sa pamamagitan ng pagtanghal ng puppet show sa Cagayancillo at naabutan ng bagyo, at nagbilang ng mga lampasut sa Malapaya Sound.



Ang manuskritong ito ay binubuo ng labinlimang mga sanaysay sa Filipino na unang nalathala sa *Bandillo ng Palawan – Edisyong Filipino* at limang mga sanaysay sa Ingles na unang nalathala sa buwang magasin na *Bandillo ng Palawan Magazine*, kung saan masigasig akong kontribyutor hindi lamang ng mga lathalain kundi pati na rin ng mga maikling kuwento.

## 2. MAIN CLAIM/S

Mahalaga ang papel ng pagsulong ng adbokasiya sa pangangalaga ng kalikasan. Kailangan ang mga NGO tulad ng Bandillo ng Palawan Foundation na ginagamit ang peryodismo upang mapalaganap ang “green thinking” o isang kamalayán na may malasakit sa kapaligiran. Sabi nga ni Yasmin Arquiza, ang peryodistang namumuno sa Bandillo at siyang nagsanay sa akin bilang peryodista, “In the future, environmentalists will need to raise public consciousness to a higher level, leading to Green thinking as a way of life and not just a passing fad (Eder and Fernandez 145).”

Ang mga sanaysay sa ito ay sinulat ko para sa Bandillo noon bilang bahagi ng pagsulong ng pangangalaga sa kapaligiran at pakikipaglaban sa karapatan ng mga katutubo.

## 3. PRESENTATION OF YOUR ARGUMENT

Mahahati sa tatlong uri ang mga sanaysay ko tungkol sa Palawan. Una, mga sanaysay na nagdidiwang ng natural na kagandahan ng Palawan at ng paninirahan doon; Pangalawa, mga sanaysay ng pakikilahok at pakikipagsapalaran sa pangangampanya upang pangalagaan ang kalikasan at kapaligiran ng Palawan; At pangatlo, mga sanaysay hinggil sa pakikipag-ulayaw sa mga katutubo ng Palawan.

Babasahin at susuriin ko ang sariling mga sanaysay gamit ang lente ng ekokritisismo.

Sa librong *The Ecocriticism Reader* ni Glotfelty naglatag siya ng isang pagpapakahulugan ng isang ekokritisismo:

Simply put, ecocriticism is the study of the relationship between literature and the physical environment. Just as feminist criticism examines language and literature from the gender-conscious perspective, and Marxist criticism brings an awareness of modes of production and economic class to its reading of texts, ecocriticism takes an earth-centered approach to literary studies. (Garrard 3)

## 4. REPORT OF OPPOSING OR DIFFERING VIEWS

Inilatag ni Garrard ang posibleng panganib ng pagsusulat tungkol sa kalikasan/kapaligiran tulad ng ginawa ko sa mga sanaysay dito sa *Sa Yakap ng Gubat at Dagat*. Ito ay ang pagiging “pastoral.” Hinalaw ni Garrard kay Terry Gifford ang tatlong uri ng panulat na pastoral: una, isang uri ng pagsusulat tungkol sa paglayo pansamantala sa lungsod patungo sa pribinsiya na ginagawa noon sa sinaunang Alexandria at naging pangunahing porma ng panulaan sa Europa sa panahon ng Renaissance; pangalawa, ang kahit anong uri ng literatura na nagtatalakay ng kanayunan kontra sa kalungsuran; at pangatlo, ang mababang uri ng pastoral na isang idealisasyon ng nayon at parang di nakikita ang hirap at problema ng mga manggagawa tulad ng mga magsasaka at mangingisda (33).

Inilatag din ni Garrard ang tatlong oryentasyon ng sulating pastoral ayon sa panahon: “The *elegy* looks back to a vanished past with a sense of nostalgia; the *idyll* celebrates a bountiful present; the *utopia* looks forward to a redeemed future (37).



Ang mga inilatag na ito na katangin ng pastoral na pagsusulat nina Gifford at Garrard ang magiging batayan ko sa pagsuri ng aking mga sanaysay.

## 5. CONCLUSION

Sa “Paunang Salita” ni Yasmin sa libro kong *Prinsesa ng Palawan: Mga Tula* na inilathala noong 2016, masaya man siya dahil tila “bumaha ang mga alaala” ng paninirahan sa Palawan noon nang muling mabasa ang aking mga tula, nag-umpisa siya sa kalunos-lunos na nangyayari sa kapaligiran ng Palawan ngayon:

Noong isang araw may taga-Palawan na nakipagkita sa akin upang magtanong kung ganoon na ba talaga ang bayan ng kaniyang kinagisnan. Matagal din siyang nawala, at nagulat siya sa mga bagong natuklasan. Isa na rito ang pagsasawalang-bahala ng gobyerno sa kalusugan ng mga tao: may bayan kasi na nagmistulang Boracay na ang dumi ng karagatan dahil sa mga tourist resort na bigla na lang nagsulputan mula nang maayos ang kalsada sa lugar. Ayaw ilabas ang resulta ng pagsusuri ng tubig doon, at wala ring ginagawa ang pamahalaan upang lutasin ang problemang ito. (Teodoro 2016, w.p.)

Halos dalawang dekada na ang nakalipas nang sulatin ko ang mga sanaysay na ito. May isang dekada na ring nagtiklop nang tuluyan ang pahayagang *Bandillo ng Palawan – Edisyong Filipino*. Hanggang ngayon, patuloy pa rin ang pagkasira ng kapaligiran ng Palawan. Lalo nang sumisikat ang turismo ng Palawan. Kapag maraming turista, dumadami rin ang mga hotel at resort. May plano na nga ang mga politikong gagawa ng 8-lane na highway sa timog Palawan. Nang magbakasyon ako roon noong Semana Santa nitong 2017, hindi ko na kilala ang Puerto Princesa. Marami nang bagong gusali. Wala na ang mga punong balayung sa plasa. Nang pumunta kami sa bayan ng Quezon, kapansin-pansin ang mga bundok na nakalbo na o mistulang may malaking sugat dahil sa pagmimina. Bagamat gumanda na ang kalsada, unti-unti namang kinakalbo ang gubat at napapalitan ng mga plantasyon ng palma para sa langis. Parang ilang taon na lamang, hindi na mukhang “last frontier” o huling hangganan ang Palawan. Kapag ganito, hindi lamang kapaligiran ang nasisira kundi pati na rin ang pamumuhay ng mga katutubo tulad ng mga Pala’wan, Tagbanwa, at Batak.

Ano ang silbi ng mga sanaysay ko sa koleksiyong ito kung gayon? Ano ang halaga nila sa harap ng mas malakas at praktikal na interes ng mga politiko at negosyante? Mukhang wala. Subalit bilang manunulat na ang tanging sandata ay mga salita, ayaw kong tanggapin na ganito na lamang. Mga alaala. Ito ang taglay ng aking mga sanaysay. Alaala ng mas magandang Palawan. Alaala ng nakaraan ng Palawan at handurawan ng hinaharap ng Palawan na pangangalagaan. Malungkot man ang pagkasabi, punong-puno naman ng pag-asa ang panghuling bahagi ng “Paunang Salita” ni Yasmin sa aking libro ng mga tulang Palawan:

May ilang pangarap noon na natupad na ngayon, may mga pag-ibig na tuluyan nang naglaho, may mga pagnanasa na napalitan na ng ibang kabaliwan. Marami nang pagbabago sa Palawan, at hini na maibabalik ang saya ng nakaraan. Mabuti na lamang at may mga tula na magpapaalala kung ano ang nawala sa atin; baka sakali ay may mapulot na idea kung paano mapanumbalik ang ating nasisirang kalikasan.

Panahon na upang maisalibro ang mga sanaysay na ito upang maibahagi na sa mga taong may malasakit sa Palawan, sa kapaligiran. Panahon na rin upang laliman at lawakan ko pa ang pagkampay ng aking buntot bilang sirenang manunulat. Binalikan ko ang mga lumang sanaysay na ito ngayon, panahon na upang balikan



ko ang Palawan at magsulat ng mga bagong sanaysay. At ngayon, mas matalino na ako dapat. Magiging gabay ko ang ekokritisismo na mas,

[A]ttuned to environmental justice, but not dismissive of the claims of commerce and technology; shaped by knowledge of long-term environmental problems, but wary of apocalypticism; informed by artistic as well as scientific ecological insight; and committed to the preservation of the biological diversity of the planet for all its inhabitants. (Garrard 182)

Bilang manunulat na nakabase sa akademya, panahon nang pagsanibin ko nang bongga ang aking napag-aralan sa B.S. in Biology at M.F.A. in Creative Writing—ang dalawang daigdig ng aking edukasyon. Sanay ako sa ganitong pagsasanib ng mga dalawahan, kayâ nga isa akong sirena—kalahating tao, kalahating isda, anak ng dagat at ng gubat.

## 6. REFERENCES (use APA style for citations)

- Dressler, W.H. (2009). *Old Thoughts in New Ideas: State Conservation Measures, Development and Livelihood on Palawan Island*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Eder, J.F. and J.O. Fernandez, eds. (1996). *Palawan at the Crossroads: Development and the Environment on a Philippine Frontier*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Garrard, G. (2004). *Ecocriticism*. Oxon: Routledge.
- Teodoro, J.I.E. (2014). *Pagmumuni-muni at Pagtatalak ng Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa: Mga Piling Maikling Sanaysay*. Lungsod Quezon: Vibal Group, Inc.
- Teodoro, J.I.E. (2016). *Prinsesa ng Palawan: Mga Tula*. Jordan, Guimaras: Kasingkasing Press.